# KAPASIYAHAN BLG. 2021-57

**"NAG-EENDORSO SA KAHILINGAN NG PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, KAY IGG. WENDEL E. AVISADO, KALIHIM NG KAGAWARAN NG BADGET AT PAMAMAHALA, PARA SA PAGPOPONDO SA ILALIM NG LOKAL NA PAMAHALAAN PARA SA FARM TO MARKET ROAD NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAANG MILYONG PISO (PH300,000,000.00)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKAT,** ang kakalsadahin na mga farm-to-market roads ay mahalaga upang makapaghatid ng mga produktong agrikultura mula sa mga sakahan patungo sa kabayanan o pamilihan, gayundin ang pagdadala ng mga kagamitan at pangangailangang agrikultura ng mga magsasaka sa kanilang kabukiran;

**SAPAGKAT,** ang kakalsadahin sa Malamig to Tibagan Rd, Talampas to Liciada Rd, Talampas to Cambaog Rd, Tibagan to Malawak (Daang Malaki), Tibagan Farm to Market Rd, Poblacion to Tanawan Farm-to-Market Rd, Liciada Iwad Rd, Malawak to Catacte Farm-to-Market Rd, Tibagan to Bonga Mayor Farm-to-Market Rd, Liciada Ibayo Rd. ay isang mahalagang farm-to-market road, ngunit ito ay sira-sira na at mahirap nang daanan;

**SAPAGKAT,** ang pagsasa-ayos ng farm-to-market road sa mga nasabing barangay at magsisilbing malaking pakinabang at kapaburan sa mga kababayan nating magsasaka, tungo sa mas mataas na kalidad ng pananakahan sa ating Dakilang Bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKAT,** gayundin, kung mapapa-ayos ang nasabing kalsada ay mapapadali ang pamumuhay ng mga mamamayan at motoristang dito ay dumadaan;

**SAPAGKAT,** magiging madali din ang paghahatid ng tulong at pagresponde kung sakaling dumating ang oras ng sakuna.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na iendorso ang kahilingan ng Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, kay Igg. Wendel E. Avisado, Kalihim ng Kagawaran ng Badget at Pamamahala, para sa pagpopondo sa ilalim ng lokal na pamahalaan para sa farm to market road na nagkakahalaga ng Tatlong Daang Milyong Piso (PhP300,000,000.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-29 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-29 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim